# KAHALAGAHAN NG PAGBABASA

*by:*
**Alvin M. Santiago**
*Teacher III, Antonio G. Llamas Elementary School*

Ang unang kasanayan na dapat nating matutunan ay ang pagbasa na mahalaga sa mga mag aaral. Kung hindi tayo marunong bumasa, mahihirapan tayong makaintindi ng ating aralin at mga teksto. Nakatutulong ito sa pagbibigay ng impormasyon. Sa pagbasa, nauunawaan natin ang mga bagay. Samakatuwid ay dapat ang mga mag aaral ay marunong bumasa. Ang Pagbabasa ng may pagunawa ay mahalaga at dapat ituro at mapaunlad sa formative stage pa lamang ng bata.Sa mga nakaraang taon ng pagbabago sa gawi ng pagtuturo ay naging isang malaking hamon na din ang pagtuturo sa bata kung paano bumasa at intindihin ito. Sa loob ng paaralan ay madaling matukoy kung sino ang mga batang kailangan ng interbensyon upang matutong bumasa at umunawa sa binabasa ngunit napahinga sila ng halos isang taon. Batay sa pagaaral, ang pagbasa ay isang gawaing pangwika at pangkaisipan ng higit pa sa interaksyon ng mambabasa at ng teksto. Pinatunayan din ni Johnston (2000) na ito'y isang masalimuot na gawaing nangangailangan ng paggamit ng mga estratehiya o kasanayan gaya ng paglutas ng suliranin para makabuo ng kahulugang na nais ipahatid ng may akda o binasa. Napapaunlad din n ito ang kompleks na prosesong pangkaisipan, ng mambabasa, aktibong nagpaplano, pagdedesisyon at pag-uugnay ng mga kasanayan at estratehiyang nakatutulong sa pag-unawa ng bumabasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pagbasa ay prosesong kognitibo ng pag-unawa sa mensaheng sa binabasa o ng anumang wikang nakasulat. May kaugnayan ito sa pagsulat at ang kakayahan sa pagbasa ay daan tungo sa kaalaman. Base sa pagaaral ni Baltazar (2017), ang pagbasa ay kasangkapan sa pagkatuto ng mga kabatiran ukol sa iba't ibang larangan ng pamumuhay. Halos 90% ng tao ay mula sa kanyang karanasan sa pagbasa.

Ang patuloy na pagpapaunlad ng pagbabasa ay halos matigil ngunit sa muling pagbubukas at pagbabalik normal sa taong panuruan ay nagkaroon ulit ng sigla at liwanag upang ang hamon sa pagpapabasa ay harapin. Gamit ang mga kaalaman ng mga guro, materyales , stratehiya, pisikal na pokus sa bata at iba't ibang interbasyon ay masusolusyunan muli ang problemang ito.

*References:*

https://brainly.ph/question/89267#:~:text=Answer%3A%20Ang%20pagbasa%20ay%20mahalaga%20sa%20mga%20mag,dapat%20ang%20mga%20mag%20aaral%20ay%20marunong%20bumasa.

http://www.udyong.gov.ph/index.php?option=com_content&view=article&id=10818:ang-kahalagahan-ng-pagbabasa-sa-ibat-ibang-aspeto&catid=90&Itemid=1368

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan